

Mga Pag-aaral sa Bibliya

Aralin para sa Nobyembre 2

Ang Pagligtas kay Jeremias

***Susing Talata: Inutusan ng hari si Ebed-melec na taga-Etiopia, na sinasabi, Magsama ka mula rito ng tatlumpung lalaki, at iahon mo si Jeremias na propeta mula sa bilangguan bago siya mamatay.”
Jeremias 38:10***

***Piling Kasulatan:
Jeremias 38:1-28***

Sa lahat ng lingkod ng Diyos sa buong kasaysayan ng tao, si Propeta Jeremias ang natatanging prominente sa kanila. Isaalang-alang ang kahanga-hangang katangian ng kanyang pagkatawag na maging isang propeta habang siya ay bata pa. Isinulat ni Jeremias ang tungkol sa pangyayaring iyon, na nagsasabing, “Nang magkagayo’y dumating sa akin ang salita ng Panginoon, na nagsasabi: Bago kita inanyuan sa sinapupunan ay nakilala kita; Bago ka ipinanganak ay pinabanal kita; inihalal kitang propeta sa mga bansa. Nang magkagayo’y sinabi ko: Ah, Panginoong Dios! Narito, hindi ako

makapagsasalita, sapagkat ako'y isang bata. Ngunit sinabi sa akin ng Panginoon: Huwag mong sabihin, Ako'y isang bata, sapagkat paroroon ka sa lahat ng aking susuguin sa iyo, at anuman ang iutos ko sa iyo, ay iyong sasalitain. Huwag kang matakot sa kanilang mga mukha, sapagkat ako'y sumasaiyo upang iligtas ka, sabi ng Panginoon.” Jeremias 1:4-8

Maiisip natin ang nakapagpabagong-buhay na epekto sa batang si Jeremias. Tatal, direktang nagsalita ang Diyos sa kanya! Bukod pa rito, ipinahayag sa kanya na kilala na siya ng Diyos bago pa man siya mabuo sa sinapupunan. Higit pa rito, malamang na namangha si Jeremias na siya ay pinabanal ng Diyos bago pa man siya ipanganak at itinalagang maging propeta sa lahat ng bansa. Marahil ay natigilan si Jeremias sa mensaheng ito. Maaaring naisip niya kung paano matutupad, o kung paano pa nga matutupad, ang kalooban ng Diyos. Tila nawala ang lahat ng pagdududa nang bigyan siya ng kapangyarihan ng Diyos. Mababasa natin, “Nang magkagayo'y iniunat ng Panginoon ang Kanyang kamay at hinipo ang aking bibig; at sinabi ng Panginoon sa akin, Narito, inilagay ko ang Aking mga salita sa iyong bibig. Tingnan mo, inilagay kita sa araw na ito sa mga bansa at sa mga kaharian, upang bunutin at upang ibagsak, upang sirain at ibagsak, upang itayo at itanim.” (mga talata 9, 10). Dahil sa lakas ng mga pambihirang pangakong ito,

sinimulan ni Jeremias ang kanyang ministryo, walang takot at tapat na ipinahayag ang salita ng Diyos sa Israel, Juda, at sa mga bansa.

Noong mga araw ni Zedekias, ang huling hari ng Juda, ang mga propesiya ni Jeremias ay tinanggihan ng pamunuan ng Juda. Matapang na sinabi ng propeta kay Zedekias at sa kanyang mga gobernador na tanggapin ang katotohanan na wawasakin ng Diyos ang kanilang paghahari. Ang Jerusalem ay wawasakin. Ang tanging pagkakataon nila para mabuhay ay ang tanggapin na ang pagsalakay at pagsakop ng Babilonia sa Jerusalem ay parusa ng Diyos dahil sa kanilang matigas na pagsuway. Kung susuko sila sa kalooban ng Diyos, maliligtas ang kanilang buhay. Sa halip, iginiit ng mga gobernador ni Zedekias na ikulong si Jeremias sa isang inabandunang imbakan ng tubig. Sinabi nila na pinapahina ni Jeremias ang kalooban ng mga tao - isang gawa ng pagtataksil. Ang imbakan ng tubig na pinagbabaunan kay Jeremias ay puno ng maputik na luwad. (Jeremias 38:1-6). Maaari nating isipin ang mga panloob na pakikibaka ng pananampalataya na kanyang naranasan. Mamamatay ba siya roon? Iniwan ba siya ng Diyos?

Marahil ay pinagnilayan ni Jeremias ang Awit 40. "Matiyaga akong naghintay sa Panginoon; At siya'y bumaling sa akin, at dininig ang aking daing. Kaniya

rin naman akong iniahon mula sa isang kakila-kilabot na hukay, mula sa maputik na luwad, at inilagay ang aking mga paa sa isang bato, at itinatag ang aking mga hakbang.” Mga Awit 40:1,2

Naniniwala kami na patuloy na inililigtas ng Diyos ang kanyang bayan mula sa mga sitwasyong “putik na luwad”. Ang halimbawa ng katapatan at tiwala ni Jeremias ay patuloy na nagbibigay-inspirasyon sa bayan ng Panginoon. “Ang Diyos ang ating kanlungan at lakas, Isang handang saklolo sa panahon ng kabagabagan. Kaya’t hindi tayo matatakot.” Mga Awit 46:1,2